

**ANG IKA-16 NA LIHAM NG OBISPO UKOL SA GAWAING PAG-IINGAT  
UPANG MAPIGILAN ANG IMPEKSIYON NG COVID 19**

Ang kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama  
Pebrero 5, 2021

**Re: Pagtugon sa Pagpapatuloy ng “Ang Ikalawang Gawaing Emerhensiya”  
ng Gobyerno**

Ang Pagpapatuloy ng “Ikalawang Gawaing Emerhensiya” ay ipinahayag na ng Gobyerno noong Pebrero 2. Bilang tugon sa Pahayag ng Gobyerno, ang Diyosesis ng Saitama ay, sa prinsipyo, ay sumusunod sa mga “Patnubay upang Mapigilan ang Impeksiyon ng Covid 19” na ipinalabas ng Catholic Bishop’s Conference of Japan, na kagaya ng dati. Sinabi doon, sa panahon na sumailalim ang mga gawaing emerhensiya o kahit anong utos administratiba sa paghigpit laban sa pangangalakal o pagbiyahe, ang pampublikong mga misa (mga misa kasama ang kongregasyon) ay kailangang isuspinde.

**“Ang mga Gawaing Pag-iingat upang mapigilan ang Impeksiyon ng Covid 19 sa ating Ika-15 na Liham” ay magpapatuloy sa buong Diyosesis hanggang ang “Ikalawang Gawaing Emerhensiya” ay tinanggal na ng Gobyerno (maaring sa Marso 7). Kung sakali, na ang Ikalawang Gawaing Emerhensiya ay tatanggalin na ng Gobyerno ng mas maaga bago ang Marso 7, ipaalam ko sa inyo sa susunod kong liham.**

Magpapasalamat ako sa inyong pag-uunawa sa kahalagahan ng mga tungkulin na ipinagkatiwala ng Diyos upang protektahan ang buhay ng bawat-isa. Sa panahon ng patuloy na pagsubok na ito, sa abot ng ating makakaya, ipanalangin natin ang isat-isa, at patuloy na sama-samang gumawa para sa Diyos.

---

**Hanggang ang “Ang Ikalawang Gawaing Emerhensiya” (sa ngayon ay, maaring sa Pebrero 7) ay tatanggalin, lahat ng mga pampublikong misa sa Linggo, pati na rin sa mga ordinaryong araw, ay isususpende.**

**Sa loob ng panahon na sinabi sa itaas, lahat ng mananampalataya ng Diyosesis ng Saitama ay binigyan ng dispensa sa kanilang obligasyon sa pagdalo ng mga misa.**

**Lahat ng mga gawain o pagtitipon ay kanselado, maliban sa mga napakaimportanteng pagtitipon para sa pagpapatakbo o pag-alaga sa mga parokya.**